# Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 34
# Paano Tumugon sa mga Kalamidad

"5 si Roboam ay tumahan sa Jerusalem, at nagtayo ng mga bayan na pinaka sanggalang sa Juda. 6 Kaniyang itinayo nga ang Bethlehem, at ang Etham, at ang Tecoa, 7 At ang Beth-sur, at ang Socho, at ang Adullam, 8 At ang Gath, at ang Maresa, at ang Ziph, 9 At ang Adoraim, at ang Lachis, at ang Asecha, 10 At ang Sora, at ang Ajalon, at ang Hebron, na nangasa Juda at sa Benjamin, na mga bayang nangakukutaan. 11 At kaniyang pinagtibay ang mga katibayan, at mga nilagyan ng mga pinunong kawal, at saganang pagkain, at ng langis at alak. 12 At sa bawa't bayan, siya'y naglagay ng mga kalasag at mga sibat, at pinatibay niyang mainam ang mga yaon. At ang Juda at ang Benjamin ay ukol sa kaniya.13 At ang mga saserdote at mga Levita na nangasa buong Israel ay napasakop sa kaniya na mula sa kanilang buong hangganan.14 Sapagka't iniwan ng mga Levita ang kanilang mga nayon at ang kanilang pag-aari, at nagsiparoon sa Juda at Jerusalem: sapagka't pinalayas sila ni Jeroboam at ng kaniyang mga anak, na huwag nilang gagawin ang katungkulang pagkasaserdote sa Panginoon; 15 At siya'y naghalal para sa kaniya ng mga saserdote na ukol sa mga mataas na dako, at sa mga kambing na lalake, at sa mga guya na kaniyang ginawa. 16 At pagkatapos nila, yaong sa lahat ng mga lipi ng Israel na naglagak ng kanilang puso na hanapin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, ay nagsiparoon sa Jerusalem upang maghain sa Panginoon, sa Dios ng kanilang mga magulang. 17 Sa gayo'y kanilang pinagtibay ang kaharian ng Juda, at pinalakas si Roboam na anak ni Salomon sa tatlong taon: sapagka't sila'y nagsilakad na tatlong taon sa lakad ni David at ni Salomon.18 At nagasawa si Roboam kay Mahalath na anak ni Jerimoth na anak ni David, at kay Abihail na anak ni Eliab, na anak ni Isai; 19At siya'y nagkaanak sa kaniya ng mga lalake; si Jeus, at si Samaria, at si Zaham. 20 At pagkatapos sa kaniya ay nagasawa siya kay Maacha na anak ni Absalom; ipinanganak nito sa kaniya si Abias, at si Athai, at si Ziza, at si Selomith. 21 At minahal ni Roboam si Maacha na anak ni Absalom ng higit kay sa lahat ng kaniyang mga asawa at sa kaniyang mga babae (sapagka't siya'y nagasawa ng labing walo, at anim na pung babae, at nagkaanak ng dalawang pu't walong lalake, at anim na pung babae.) 22 At inihalal ni Roboam si Abias na anak ni Maacha na maging pinuno, sa makatuwid baga'y prinsipe sa kaniyang mga kapatid: sapagka't kaniyang inisip na gawin siyang hari. 23 At siya'y kumilos na may katalinuhan, at kaniyang pinangalat ang lahat niyang mga anak na nalabi, sa lahat ng lupain ng Juda at Benjamin, hanggang sa bawa't bayang nakukutaan: at binigyan niya sila ng pagkaing sagana. At inihanap niya sila ng maraming asawa." (2 Cronica 11:5-23)

Pagkatapos ng pagkamatay ni Solomon, ang kanyang anak na si Rpboam ay naging isang hari. Sa araw na iyon ay dapat mapahiran at patunayan bilang hari, pinangungunahan ni Jeroboam ang paghihimagsik at nakuha ang sampung tribo at inilagay sila sa ilalim niya. Sa ganitong kadahilanan si Roboam ay umalis kasama ng Juda at Benjamin, na nasa ilalim ng kanyang pamumuno. Yaon ay nangyari sa kinahinatnan sa kasalanan ng dios diosan na sinamba na ipinakilala ni Haring Solomon at nagdulot na maitatag sa Jerusalem dahil sa kanyang pagaasawa sa maraming dayuhang mga asawa. "11Kaya't sinabi ng Panginoon kay Salomon, Yamang ito'y nagawa mo, at hindi mo iningatan ang aking tipan, at ang aking mga palatuntunan na aking iniutos sa iyo, walang pagsalang aking aagawin ang kaharian sa iyo, at aking ibibigay sa iyong lingkod. 12 Gayon ma'y sa iyong mga kaarawan ay hindi ko gagawin alangalang kay David na iyong ama: kundi sa kamay ng iyong anak aking aagawin. 13 Gayon ma'y hindi ko aagawin ang buong kaharian; kundi ibibigay ko ang isang lipi sa iyong anak alangalang kay David na aking lingkod, at alangalang sa Jerusalem na aking pinili." (1 Hari 11:11-13) Minana ni Roboam ang Kaharian mula sa kanyang ama, subalit namana rin niya ang mga kaguluhan bilang kinahinatnan ng kasalanan ng kanyang ama. Ang kapareho ay nangyayari sa maraming mga tao, nakuha nila ang maraming mabubuting bagay mula sa kanilang mga magulang ngunit ganon din sila'y nagdurusa sa masasamang bagay dahil sa kinahinatnan ng kasalanan ng mga magulang. Kahit sa paglilingkod sa Panginoon maaring tayo'y magdusa pa sa mga hindi natin pagkakamali o kamalian, ngunit gayon pa man, ang Diyos ay may layunin at karunungan doon, at nais Niya sa atin na huwag panghinaan ng loob. Bagkus sa halip, ay magpatuloy at magkaroon ng pagnanasa na gamitin ang lahat ng nasa ating mga kamay upang para sa ating mga pamilya at para sa simbahan ay palakasin, dagdagan at paramihin.

Si Reboam ay nagdusa sa napaikling panahon; sampu sa labingdalawang tribo ay kinuha sa kanya sa loob ng panahon ng wala pang isang linggo. Ating basahin kung ano ang naganap: "1 At si Roboam ay naparoon sa Sichem: sapagka't ang buong Israel ay naparoon sa Sichem upang gawin siyang hari. 2 At nangyari, nang mabalitaan ni Jeroboam na anak ni Nabat (sapagka't siya'y nasa Egipto, na siya niyang tinakasan mula sa harap ng haring Salomon,) na si Jeroboam ay bumalik mula sa Egipto. 3 At sila'y nangagsugo at ipinatawag nila siya; at si Jeroboam at ang buong Israel ay nagsiparoon, at sila'y nagsipagsalita kay Roboam, na nagsisipagsabi, 4 Pinabigat ng iyong ama ang atang sa amin: ngayon nga'y pagaanin mo ang mabigat na paglilingkod sa iyong ama, at ang mabigat niyang atang na iniatang niya sa amin, at kami ay magsisipaglingkod sa iyo. 5 At sinabi niya sa kanila, Magsiparito uli kayo sa akin pagkatapos ng tatlong araw. At ang bayan ay yumaon.6 At ang haring Roboam ay kumuhang payo sa mga matanda na nagsitayo sa harap ni Salomon na kaniyang ama samantalang siya'y nabubuhay pa, na sinasabi, Anong payo ang ibinibigay ninyo sa akin upang magbalik ng sagot sa bayang ito? 7 At sila'y nagsipagsalita sa kaniya, na nagsisipagsabi, Kung ikaw ay magmagandang loob sa bayang ito, at iyong pagbigyang loob sila, at magsalita ng mga mabuting salita sa kanila, iyo ngang magiging lingkod sila magpakailan man. 8 Nguni't iniwan niya ang payo ng mga matanda na kanilang ibinigay sa kaniya, at kumuhang payo sa mga binata na nagsilaking kasabay niya, na nagsitayo sa harap niya. 9 At sinabi niya sa kanila, Anong payo ang ibinibigay ninyo, upang maibalik nating sagot sa bayang ito, na nagsalita sa akin, na sinasabi, Pagaanin mo ang atang na iniatang ng iyong ama sa amin? 10 At ang mga binata na nagsilaki na kasabay niya, ay nagsipagsalita sa kaniya, na nagsisipagsabi, Ganito ang iyong sasabihin sa bayan na nagsalita sa iyo, na sinasabi, Pinabigat ng iyong ama ang atang sa amin, nguni't pagaanin mo sa amin; ganito ang iyong sasabihin sa kanila, Ang aking kalingkingan ay makapal kay sa mga balakang ng aking ama. 11 At sa paraan ngang inatangan kayo ng aking ama ng mabigat na atang, aking dadagdagan pa ang atang sa inyo: pinarusahan kayo ng aking ama ng mga panghagupit, nguni't parurusahan ko kayo ng mga tila alakdan.12 Sa gayo'y naparoon si Jeroboam at ang buong bayan kay Roboam sa ikatlong araw, gaya ng iniutos ng hari na sinasabi, Magsibalik kayo sa akin sa ikatlong araw. 13 At ang hari ay sumagot sa kanila na may katigasan, at iniwan ng haring Roboam ang payo ng mga matanda. 14 At nagsalita sa kanila ayon sa payo ng mga binata, na sinasabi, Pinabigat ng aking ama ang atang sa inyo, nguni't aking dadagdagan pa: pinarusahan kayo ng aking ama ng mga panghagupit, nguni't parurusahan ko kayo ng mga tila alakdan. 15 Sa gayo'y hindi dininig ng hari ang bayan:

sapagka't buhat sa Dios, upang itatag ng Panginoon ang kaniyang sinalita sa pamamagitan ni Ahias na Silonita kay Jeroboam na anak ni Nabat.16 At nang makita ng buong Israel na hindi sila dininig ng hari, sumagot ang bayan sa hari, na sinasabi, Anong bahagi mayroon kami kay David? wala man kaming mana sa anak ni Isai: bawa't tao sa inyo-inyong tolda, Oh Israel: ngayo'y ikaw ang bahala ng iyong sariling sangbahayan, David. Sa gayo'y yumaon ang buong Israel sa kanikanilang tolda.17 Nguni't tungkol sa mga anak ni Israel na nagsisitahan sa mga bayan ng Juda, pinagharian sila ni Roboam." (2 Cronica 10:1-17) Nawala din kay Roboam sa araw na iyon ang mga taong nagbubuwis na may katungkulan sa pagkokolekta ng bahagi mula sa mga Israelita, "18 Nang magkagayo'y sinugo ng Haringey Roboam si Adoram, na nasa buwisan; at binato siya ng mga bato ng mga anak ni Israel, na anopa't siya'y namatay. At ang haring Roboam ay nagmadaling sumampa sa kaniyang karo, upang tumakas sa Jerusalem. 19 Gayon nanghimagsik ang Israel laban sa sangbahayan ni David, hanggang sa araw na ito." (2 Cronica 10:18-19) Pagkatapos ng nangyaring ito, nais ni Roboam na gamitin ang pwersa ng kanyang sundalo, sapagkat siya ay mayroong 180000 na mga sundalo, upang pigilan ang paghihimagsik at ng pagkakahati, ngunit pinigilan siya n Panginoon nang may isang matatag na mensahe, "1 At nang dumating si Roboam sa Jerusalem, kaniyang pinisan ang sangbahayan ni Juda at ni Benjamin, na isang daan at walong pung libo na piling mga lalake, na mga mangdidigma, na magsisilaban sa Israel, upang ibalik ang kaharian kay Roboam. 2 Nguni't ang salita ng Panginoon ay dumating kay Semeias na lalake ng Dios, na sinasabi, 3 Salitain mo kay Roboam na anak ni Salomon, na hari sa Juda, at sa buong Israel sa Juda at Benjamin, na iyong sabihin, 4 Ganito ang sabi ng Panginoon, Kayo'y huwag magsisiahon, o magsisilaban man sa inyong mga kapatid: bumalik ang bawa't lalake sa kaniyang bahay; sapagka't ang bagay na ito ay sa akin. Sa gayo'y kanilang dininig ang mga salita ng Panginoon, at umurong ng kanilang lakad laban kay Jeroboam." (2 Cronica 11:1-4) Tinawag si Roboam upang tumalikod mula sa paggawa ng anumang pagkilos militar o gamitin ang kapangyarihan upang mabawi ang pagkatalo. Si Roboam ay tinawag upang umiwas mula sa paghihiganti at galit at kumilos kasama ng Diyos sa pagharap sa kasalukuyan at biglaang sakuna na dumating sa kanya. Sa parehong paraan, kapag tayo'y nahaharap sa mga kaguluhan at sakuna, kailangan nating unawain at tanggapin, na ang paghihiganti at paglaban ay hindi makakatulong sa atin, ito ay hindi makakatulong sa ating mga pamilya at hindi makakatulong sa ating simbahan. Kapag tayo'y dumaraan sa mga kalamidad tulad nito, kailangan nating bigyang pansin sa ninanais ng Diyos mula sa atin para gawin, sa pagkukumpuni sa mga depekto, sa pagtatayo ng haligi, sa pagsisisi sa ating mga kasalanan, sa pagbabalik sa Diyos at sa Kanyang mga paraan, sa pagabot sa bagong mga tao at tulungan silang lumakad kasama ng Diyos.

Tinanggap ni Roboam ang inaatang ng Diyos sa Kanya. Tinanggap niya iyon ng may kahandaan at hindi dahil siya ay pinilit. Ang paaran na siya'y kumilos sa sitwasyon ito'y nagpakita na tinanggap niya ang kapahamakan na ipinahintulot ng Diyos na dumating sa kanya. Kung inalagaan pa rin niya ang masamang ugali ng galit, paghihiganti, walang kasiyahan at walang kapatawaran, hindi niya magagawa iyon ng maayos. Sa parehong paraan, kailangang nating linisin ang ating mga puso patungo sa Diyos, at patungo sa tao, mula sa galit, pagmamaktol, walang kasiyahan, paghihiganti o pagganti, upang matagumpay nating makayanan ang mga bagong mapaminsalang kaganapan na darating sa ating buhay.

Si Roboam ay maayos sa pamamahala sa magulong sitwasyon na siya ay naroroon. Kumilos si Roboam sa tulong ng kakaunting mga bagay na naiwan sa kanya. Ang ating mabuting paguugali ay gagawing pinakamahusay sa mga pagsubok na ipinahintulot ng Diyos na dumaan at dadaan sa ating buhay. Kung ikaw ay dumadaan sa mga kaguluhan at nawala ang maraming mga bagay, sa gayon kailangan mong magtiwala sa Diyos na magagawa mo ito kasama Siya; na sa kakaunting naiwan sayo, magagawa mo pa rin ang mga kamangha-manghang bagay.

Mga krisis sa simbahan, pagkakahati ng simbahan, paghihiganti at iba pang masakit na isyu ay dapat pa ring magudyok sa atin upang sumulong at pigilin ang krisis at pagtibayin ang ating sitwasyon upang maisagawa ang ating tagumpay sa kabila ng lahat ng sakit na ating nararanasan.

Mula sa Banal na Kasulatan na ating binasa ikaw ay matuto ng bagong mga bagay kung paano mo malalampasan ang mga kapahamakan:

1. Manatili kung nasaan ka: "5 At si Roboam ay tumahan sa Jerusalem," si Roboam ay nanatili sa Jerusalem at tinanggap na mabuhay sa lugar at sa posisyon na kanyang narananasan ang pagkatalo. Hindi siya sumuko kundi hinarap ang hamon. Ito ay isang paghamon sa kanya upang ipakita na siya ay nagtitiwala sa Diyos at ang Panginoon ay tutulungan siya na baguhin ang kanyang miserableng kalagayan. Ang pagtakas mula sa mga kaguluhan na inilagay ka ng Diyos, o paghihihanti, paglaban, galit at walang pagpapatawad, ay hindi magiging isang paraan na sasang ayunan ng Diyos. Sa gayon huwag tumakas, tanggapin ang hamon. Manatili at harapin at matutunang gumawa kasama ng Diyos at sa kakaunting mga bagay na iniligay Niya sa iyong kamay .

2. Magsumikap at bumuo ng kung ano ang kayang itayo: " itinayo nga ang Bethlehem, at ang Etham, at ang Tecoa, 7 At ang Beth-sur, at ang Socho, at ang Adullam, 8 At ang Gath, at ang Maresa, at ang Ziph, 9 At ang Adoraim, at ang Lachis, at ang Asecha, 10 At ang Sora, at ang Ajalon, at ang Hebron, na nangasa Juda at sa Benjamin, na mga bayang nangakukutaan." (2 Cronica 11:6-10) Nais ng Diyos sa atin na magsumikap at gawin ang kung ano ng magagawa ng ating mga kamay, at upang harapin ang mga krisis at mga nawala sa paraan na nais Niya upang harapin natin. Si Roboam ay hindi napanghinaan ng loob sa nawala sa kanya. Hindi siya tumingin sa mga bagay na nawala bagkus binigyan niya ng pansin at ginawa ang kanyang pinakamabuti sa natira sa kanyang kamay. Nabubuhay sa panaginip at pagiistima sa masasakit at kakilakilabot na mga alaala ay hindi makakatulong. Naawa sa sarili, nalulungkot, paghihinagpis at ayaw magpaaliw, mahabang kalungkutan, maasim na mukha, at malungkot na puso at espiritu ay hindi makakatulong, at ito'y hindi makatuwirang paraan ng Diyos.

Isang bagay na mahalaga na ilagay sa iyong isip, at ibigin ito at ingatan ito sa iyong puso, na mayroon pa ring marami sayo at mahahalagang bagay. Sa gayon, pahalagahan at pagtangi sa natitira at magpasalamat sa Diyos para doon at simulang buuin ito. Matutunang tanggapin ang gawain ng kasigasigan at marami kang gagawin.

Tumingin ka kay Haring Roboam at paano niya itinayo; nagtayo siya ng mga bayan ng tanggulan, at siya ay nagtayo ng maraming mga bayan. Si Haring Roboam ay nagpursige sa paggawa ng tamang bagay at tamang pagpili na inulit ulit. "6 Kaniyang itinayo nga ang Bethlehem, at ang Etham, at ang Tecoa, 7 At ang Beth-sur, at ang Socho, at ang Adullam, 8 At ang Gath, at ang Maresa, at ang Ziph, 9 At ang Adoraim, at ang Lachis, at ang Asecha, " (2 Cronica 11:6-9) Sa kabuuan itinayo niya ang labinlimang mga bayan. Marami siyang ginawa. Ilan sa mga bayang ito ay maliit at kahit sa mga nayon , ngunit pinahalagahan niya ang inilagay ng Diyos sa kanyang kamay. Matutunang bilangin ang iyong mga pagpapala at pahalagahan at magpasalamat sa Diyos sa natitirang mga bagay na inilagay niya sa iyong kamay. Ito ang iyong ipapahayag kapag ikaw ay nagsusumigasig at lubos na isinangkot na gawin ang pinakamahusay na makakaya mong gawin para sa iyong pamilya, sa iyong trabaho, at sa iyong bansa, at sa iyong simbahan at sa iyong paglilingkod. Huwag magsisi sa anumang bagay na nawala sayo. Kalimutan ang nawala sayo at matutunang pahalagahan kung anong inilagay sa iyong mga kamay at sa ilalim ng iyong pangangalaga.

3. Pagtibayin ang malakas na bagay na inilagay ng Diyos sa iyong panig: "11 At kaniyang pinagtibay ang mga katibayan, at mga nilagyan ng mga pinunong kawal, at saganang pagkain, at ng langis at alak. 12 At sa bawa't bayan, siya'y naglagay ng mga kalasag at mga sibat, at pinatibay niyang mainam ang mga yaon. At ang Juda at ang Benjamin ay ukol sa kaniya." (2 Cronica 11:11-12) Masigasig na pinagtibay ni Haring Roboam ang mahusay na pamamaraan sa pakikidigma sa paggamit sa mga sinanay na mga tauhan at ginawa silang handa para sa pakikidigma. Ipinakita niya ang kabaitan sa bagay ng pamamahala sa paggawa ng mga kamalig sa pagkain, at sa langis at alak. Bilang dagdag inihanda niya ang mga sandata. At sa bawat ilang bayan naglagay siya ng kalasag at sibat, at pinagtibay niyang mainam ang mga iyon. Pagpapatibay sa iyong posisyon at ng iyong paninindigan laban sa iyong kaaway, at ang paraan ng paglaban sa pwersa ng diablo na sumalakay sayo ay sa pamamagitan ng pagpapakita ng mabuting pamamahala, at sa pagharap sa mga tauhan; pagsasanay sa kanila, paghahanda sa kanila at gawin silang handa, at sa pagiingat sa mga haligi ng mga materyal na mga bagay na kinakailangan para sa panahon na darating. Paggawa ng mga disipolo at pagsasanay sa kanila sa pagdurusa, pagiingat sa pangangasiwa, pagtuturo sa kanila na maging may pananagutan at maging bantay na lalaki at bantay na babae ay ang pangunahin at pundasyon na bagay para sa simbahan upang itayo.

4. Tanggapin at lumapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsama at sa pakikisama sa mga taong may kaugnayan sa Diyos, na itinalaga upang maglingkod sa Kanya: "13 At ang mga saserdote at mga Levita na nangasa buong Israel ay napasakop sa kaniya na mula sa kanilang buong hangganan." (2 Cronica 11:13) Sa pagiging malapit sa mga Levita at mga pari, na sa ngayon, ang manggagawa ng simbahan at ang mga namumuno sa Bagong Tipan ng simbahan, ay magbabahagi sayo ng karunungan at ikaw ay magkakaroon ng prebilihiyo ng tamang payo at ng tamang bilin kapag ikaw ay nangailangan niyaon.

Si Jeroboam ang kaaway ni Roboam at siyang nanguna ng pagkakahati, tinanggihan ang taong pinahiran ng Diyos at pinalitan niya sila ng mga tao na nakakaalam kung paano magsagawa ng mga relihiyosong aktibidadis ngunit silay walang kaugnayan sa Diyos, "14 Sapagka't iniwan ng mga Levita ang kanilang mga nayon at ang kanilang pag-aari, at nagsiparoon sa Juda at Jerusalem: sapagka't pinalayas sila ni Jeroboam at ng kaniyang mga anak, na huwag nilang gagawin ang katungkulang pagkasaserdote sa Panginoon; 15 At siya'y naghalal para sa kaniya ng mga saserdote na ukol sa mga mataas na dako, at sa mga kambing na lalake, at sa mga guya na kaniyang ginawa." (2 Cronica 11:14-15)

5. Tanggapin at mapasa mga tao na dumating sa pagsama at pakikisama sa mga may kaugnayan sa Diyos, na itinalaga ng Diyos upang paglingkuran Siya. "16 At pagkatapos nila, yaong sa lahat ng mga lipi ng Israel na naglagak ng kanilang puso na hanapin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, ay nagsiparoon sa Jerusalem upang maghain sa Panginoon, sa Dios ng kanilang mga magulang." (2 Cronica 11:16) Ang mga taong lumapit mula sa tribo na nasa ilalim ng pamumuno ni Jeroboam. Sila'y pumunta dahil gusto nilang magpatuloy na mapasailalim sa pangangalaga ng mga pari at ng mga Levita na mga lingkod ng Diyos. Habang tayo'y nagpapatuloy upang hanapin ang Panginoon sa gayon palalapitin Niya ang totoong mga tao na mapasa atin. Mayroong mga taong mamumuhi sa atin at hihiwalay sa atin, ngunit ilagay mo sa iyong isip, na mayroong palaging mga tao na hahanapin ang Diyos, na sila'y pupunta sa atin, at tayo'y mapapasakanila habang sila'y mabubuting mga tao na itinalaga ng Diyos para sa atin upang makasama sa paglilingkod sa Kanya.

Pinagpala ng Diyos si Roboam sa kanyang pagsunod nang siyay umiwas na lumaban at gamitin ang pwersa upang maibalik ang Kaharian. Dinala ng Diyos sa kanya ang sampung tribo na nahati sa tunay na mga tao na nagnanais na mabuhay para sa Diyos sa kabanalan at katuwiran. "16 At pagkatapos nila, yaong sa lahat ng mga lipi ng Israel na naglagak ng kanilang puso na hanapin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, ay nagsiparoon sa Jerusalem upang maghain sa Panginoon, sa Dios ng kanilang mga magulang." (2 Cronica 11:16) Ang araw na pinatunayan kay Roboam na sa mga naghati at umalis ay walang silbi at ang kanilang puso ay wala sa Diyos. Sila'y hindi kawalan nang ang ganoong mga tao ay nawalan mula sa Kanya. Sa parehong paraan, kapag ikaw ay nagpapakumbaba at tanggapin ang kalooban ng Diyos sa pagdurusa, ang Panginoon ay ipapakita ang maraming malinaw na katotohanan at katunayan at mapagtatanto mo na hindi ka nawalan ng mga bagay na may halaga. Ito ay hindi kawalan kapag nawala ang ganoong uri ng mga tao na lumayo sa Diyos at hindi sayo lamang.

6. Ang lakas at sigla ay muling maibabalik. "17 Sa gayo'y kanilang pinagtibay ang kaharian ng Juda, at pinalakas si Roboam na anak ni Salomon sa tatlong taon: sapagka't sila'y nagsilakad na tatlong taon sa lakad ni David at ni Salomon." (2 Cronica 11:17) Ang lahat ng mga kadahilanan sa itaas na ating tinalakay sa itaas, ay pinagsama sama at inambag sa huling kalakasan na si Reboam, Jerusalem, Juda at Benjamin ay muling pinasaya. Tatlong taon ng pagsusumikap, paghahanap sa Panginoon at pagtatayo at pagharap sa sirang mga bagay at panunumbalik sa kanila sa mga paraan ng Diyos, gaya ng ginawa ni David at Solomon sa kanilang mabuting pagsasagawa sa pagsunod sa Diyos, na nagbigay sa huling lakas na ang Juda (ang simbahan) ay naabot. Ilagay sa gayon sa iyong isip, na ang iyong patuloy na paglakad sa Diyos, ay mananagot sayo ng ganap na pagbawi at ng ganap na panunumbalik ng lahat ng nawala sayo.

Si Apostol Juan ay tiniyak sa mga simbahan na nasa ilalim ng kanyang pangangalaga pagkatapos ng halimbawa ng pagkakahati na na nangyari sa Gnostic na pangkat na sa huli'y umalis sa simbahan: "19 Sila'y nangagsilabas sa atin, nguni't sila'y hindi sa atin; sapagka't kung sila'y sa atin ay nagsipanatili sana sa atin: nguni't nangagsilabas, upang sila'y mahayag na silang lahat ay hindi sa atin." (1 Juan 2:19) Tiniyak pa ni Apostol Juan sa simbahan at sa mga kapatiran, na marami pa rin sila at kailangan nilang pahalagahan kung ano ang mayroon sila, "20 At kayo'y may pahid ng Banal, at nalalaman ninyo ang lahat ng mga bagay. 24 Tungkol sa inyo, ay manahan sa inyo ang inyong narinig buhat nang pasimula. Kung manahan sa inyo yaong buhat nang pasimula ay inyong narinig, kayo naman ay mananahan sa Anak, at sa Ama.25 At ito ang pangakong kaniyang ipinangako sa atin, ang buhay na walang hanggan.27 At tungkol sa inyo, ang pagkapahid na sa kaniya'y inyong tinanggap ay nananahan sa inyo, at hindi ninyo kailangang kayo'y turuan ng sinoman; nguni't kung paanong kayo'y tinuturuan ng kaniyang pahid tungkol sa lahat ng mga bagay, at siyang totoo, at hindi kasinungalingan, at kung paanong kayo'y tinuruan nito, ay gayon kayong nananahan sa kaniya.28 At ngayon, mumunti kong mga anak, manahan kayo sa kaniya; upang, kung siya'y mahayag, ay magkaroon kayo ng pagkakatiwala, at huwag tayong mangapahiya sa harapan niya sa kaniyang pagparito." (1 Juan 2:20, 24, 25, 27, 28) Ang kanilang ipinangako at mayroon, mayroon tayong pareho sa ngayon; ang mayroon sila at mayroon tayo ay pareho sa ngayon ay ang Diyos ang Ama, si JesuCristo ang Anak ng Diyos, Buhay na walang hanggan at Ang Banal na Espiritu. Ito ang ating mga kailangan at ang ating mga pribelihiyo para sa buhay at buhay na walang hanggan. Upang panatilin ang apat na ito ay ingatan ang Salita ng Diyos na buhay sa ating mga buhay at lumakad at sumunod sa mga paraan ng Diyos.

7. Pagpaparami sa pamamagitan ng bagong mga pamilya at sa pamamagitan ng paggawa ng bagong mga disipolo. "18 At nagasawa si Roboam kay Mahalath na anak ni Jerimoth na anak ni David, at kay Abihail na anak ni Eliab, na anak ni Isai;19 At siya'y nagkaanak sa kaniya ng mga lalake; si Jeus, at si Samaria, at si Zaham. 20 At pagkatapos sa kaniya ay nagasawa siya kay Maacha na anak ni Absalom; ipinanganak nito sa kaniya si Abias, at si Athai, at si Ziza, at si Selomith. 21 At minahal ni Roboam si Maacha na anak ni Absalom ng higit kay sa lahat ng kaniyang mga asawa at sa kaniyang mga babae (sapagka't siya'y nagasawa ng labing walo, at anim na pung babae, at nagkaanak ng dalawang pu't walong lalake, at anim na pung babae.) 23...... At inihanap niya sila ng maraming asawa." (2 Cronica 11:18-21, 23) May mga paraang itinalaga ang Diyos at sa pangunguna ng Banal na Espiritu na magdadagdag sa pagpaparami at sa paglaki ng simbahan; at ito ay sa pamamagitan ng pageebanghelyo, paggawa ng mga bagong disipolo, pagaasawa sa mga handa at sa mahusay na inahanda upang mag pamilya, ganon din sa pagsasanay sa ating mga anak at gawin silang mga bagong alagad.

8. Sa karunungan ating gamitin ang mga ibinigay ng Diyos sa atin upang punan ang pangunahing posisyon na idadagdag at mag aambag sa katibayan ng simbahan. "22At inihalal ni Roboam si Abias na anak ni Maacha na maging pinuno, sa makatuwid baga'y prinsipe sa kaniyang mga kapatid: sapagka't kaniyang inisip na gawin siyang hari. 23 At siya'y kumilos na may katalinuhan, at kaniyang pinangalat ang lahat niyang mga anak na nalabi, sa lahat ng lupain ng Juda at Benjamin, hanggang sa bawa't bayang nakukutaan: at binigyan niya sila ng pagkaing sagana. At inihanap niya sila ng maraming asawa." (2 Cronica 11:22-23) Sinabi ni Paul kay Timoteo, "2 At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba. " (2 Timoteo 2:2) Ang ating mga disipolo at ang ating mga anak na sinanay natin, ang ating espirituwal at ang ating pisikal na mga anak na ating tinuruan ay ang mabuting pagpapala para sa atin upang itayo ang Kanyang simbahan sa pundasyon ng mga propeta at ng mga apostol at ni JesuCristo bilang panulok na bato, "19 Kaya nga hindi na kayo mga taga ibang lupa at mga manglalakbay, kundi kayo'y mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Dios, 20 Na mga itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok; 21 Na sa kaniya'y ang buong gusali, na nakalapat na mabuti, ay lumalago upang maging isang templong banal sa Panginoon; 22 Na sa kaniya'y itinayo naman kayo upang maging tahanan ng Dios sa Espiritu." (Epeso 2:19-22)

Sa aking mahal at minamahal: Si Jesus sa krus ay naiwan na may kakaunti na nanatiling kasama Niya, ngunit Siya ay nagpatuloy hanggang sa huli at gumawa ng malaking tagumpay para sa atin sa pamamagitan ng pagbangon mula sa kamatayan. Sa sulat ni Pablo sa mga taga Colosas sinulat niya ang sumusunod "7 Ang lahat na mga bagay ukol sa akin ay ipatatalastas sa inyo ni Tiquico, na minamahal na kapatid at tapat na ministro, at kasamang lingkod sa Panginoon: 8 Na siyang aking sinugo sa inyo sa bagay na ito, upang maalaman ninyo ang aming kalagayan, at upang kaniyang aliwin ang inyong mga puso; 9 Na kasama ni Onesimo, tapat at minamahal na kapatid, na siya'y isa sa inyo. Sila ang magpapatalastas sa inyo ng lahat ng mga bagay na nangyayari dini.10 Binabati kayo ni Aristarco na kasama ko sa bilangguan, at ni Marcos na pinsan ni Bernabe (tungkol sa kaniya'y tinanggap na ninyo ang mga utos: kung paririyan siya sa inyo, ay inyong tanggapin), 11 At si Jesus na tinatawag na Justo, na pawang sa pagtutuli: ang mga ito lamang ang aking kamanggagawa sa kaharian ng Dios, mga taong naging kaaliwan ko." (Colosas 4:7-11) Gaya ng mapapansin natin mula sa binasa natin, si Pablo ay naiwan kasama ng kakaunting mga tao na gumawa kasama niya at ginawa ang gawain ni Jesus. Ginawa ni Pablo ng maayos kasama ng mga kaunti na nanatili kasama niya, at kahit sa panahong ito ng Simbahan ng Diyos ay nagpapatuloy sa parehong tagumpay na ginawa ni Jesus sa krus. At ngayon, aking mga kapatid, ang parehong pakikibaka, ako at ikaw ay humaharap. Huwag nating tingnan ang nawala, sapagkat sila'y walang halaga, ngunit sa mahahalagang bagay na nanatili pa rin sa atin. Huwag nating tingnan ang nakaraan bagkus sa maluwalhating hinaharap at sa kahanga hangang plano ng Diyos upang ibalik tayo. At huwag tayong tumingin sa kaaway upang maghiganti kundi bigyangbpansin natin ang misyon ni Jesus at sa maraming mga kaluluwa na kailangan ang ating mga kamay at ang ating tulong. Tayo'y maging kasangkapqn ng katuwiran at ng manggagawa ni Jesus at ng Kanyang paglilingkod upang maglingkod sa Kanya at kamitin ang Kanyang layunin. Tayo'y manindigan laban sa Diablo at mga pakana. Hindi ang pagkakahati ang nakapipinsala kundi ang panghihina ng loob at kawalan ng pag-asa. Sinasansala ko ang espiritu ng panghihina ng loob at ang espiritu ng kawalan ng pagasa sa pangalan ni Jesus. Tayo at magpatuloy sa tagumpay habang tayo'y sumasangayon na manalangin.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong nakapagpapatibay na mga salita na nakapagbukas sa aking mga mata upang makita ang katotohanan.

Panginoon ako'y nagsisisi sa

Tayo'y magsisi sa ating mga kasalanan

Magsisi sa mga kasalanan ng paghihiganti, pagganti, walang kapatawaran, galit at paglaban.

Ako'y labag sa lahat ng kasinungalingan at panlilinlang ng diablo sa aking buhay at sinsaway ko silang lahat sa pangalan ni Jesus.

Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na isagawa ang lahat ng mga simulain ng mensaheng ito sa aking buhay upang magpatuloy sa paggawa ng iyong mabuting plano ng panunumbalik.

Panginoon ako'y nagtitiwala sayo na palalakasin ako at ikaw ang magbibigay ng lahat ng aking pangangailangan. Panginoon pusposin mo ulit ako ng iyong Banal na Espiritu, at ibigay sa akin ang mga espirituwal na mga kaloob na aking kailangan upang magpatuloy sa paglilingkod sayo.

Panginoon aking idinadalangin ang aking mga Kapatirang Lalake at Babae na ipinagkatiwala ang kanilang buhay sa paglilingkod sayo at handang harapin ang mga pagsubok at anumang pangyayari na itinalaga mo sa kanila upang pagdaanan. Panginoon pagpalain mo sila ng kalakasan at ibigay sa kanila ang mabuting kalusugan. Panginoon pagpalain sila ng pananaw at mga inspirasyon, Panginoon alisin sa kanilang mga puso at isip ang lahat ng sakit at pighati at lahat ng paghihina ng loob. Panginoon palakasin ang kanilang panloob na pagkatao at hayaan silang magpatuloy sa paglilingkod sayo at abutin ang nawawala sa sanglibutang ito.

Panginoon pagpalain mo ang iyong simbahan, idagdag mo sa amin ang mga manggagawa at mga kasapi, Panginoon paging dapatin mong abutin ang bagong mga lugar ng mabuting balita ni Jesus, at magtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan. Kami'y nagpapasalamat sayo at pinupuri ka namin para sa lahat ng iyong kabutihan at ng iyong katapatan sa amin. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com